



TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular

| | |
|---------------------|--|
| Circular No. | 2022-0018 |
| Title | <u>Modification of Priority Groups for SARS-CoV-2 Testing Packages Based on Department of Health (DOH) Guidelines</u> |

| Tanong | Sagot |
|--|---|
| <p>1. Ano ang naging basehan ng pagbabago ng “priority sub-groups” para sa SARS-CoV-2 testing package?</p> | <p>Bilang pagtalima sa DOH DM No. 2022-0013 “Updated Guidelines on Quarantine, Isolation and Testing for COVID-19 Response and Case Management for the Omicron Variant” na nailathala noong Enero 14, 2022, binabago nito ang naunang sub-grouping na A-J base sa DOH DM 2021-0258-A.</p> |
| <p>2. Ano ang bagong priority groups para sa SARS-CoV-2 testing at sinu-sino ang maaaring makagamit ng benepisyong SARS-CoV-2 testing package base sa polisiyang ito?</p> | <p>Ayon sa nasabing kautusan, ang bagong priority groups para sa SARS-CoV-2 testing ay ang sumusunod:</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. A1- Health Workers 2. A2 - Senior Citizens 3. A3- May comorbidities at mga high-risk sa severe disease 4. Lahat ng may sintomas ng COVID-19 maliban sa A1, A2, A3 |
| <p>3. Kailangan ba ng agarang SARS-CoV-2 testing para sa mga naging close contact na walang sintoma ng COVID-19?</p> | <p>Hindi kailangan ng agarang RT-PCR test sa mga naging close contact na wala namang sintomas ng COVID-19.</p> <p>Kung kinakailangan ang testing, ito ay dapat gawin sa ika-limang araw mula sa araw na sya ay na-expose sa isang COVID-19 positive.</p> |
| <p>4. Kailan magiging epektibo ang polisiyang ito?</p> | <p>Ito ay magiging epektibo simula nang nailathala ang PhilHealth Circular sa pangunahing periyodiko.</p> |

